# Balitang Manmin

BILANG 123 ENERO 4, 2015




## Pagbati Mula sa Punong Pastor

"Ikaw ay bumangon, magliwanag ka, sapagkat ang iyong liwanag ay dumating, at ang kaluwalhatian ng PANGINOON ay sumikat sa iyo. Sapagkat narito, tatakpan ang lupa ng kadiliman, at ng makapal na dilim ang mga bayan. Ngunit ang PANGINOON ay sisikat sa iyo, at ang Kanyang kaluwalhatian ay makikita sa iyo. At ang mga bansa ay paroroon sa iyong liwanag, at ang mga hari sa ningning ng iyong pagsikat." (Isaias 60:1-3)

Mahal kong mga kapatid kay Cristo: Ayon sa kalooban ng Diyos sa pagwawakas ng panahon, itinatag Niya ang Manmin Central Church noong taong 1982 bilang pagtanggap sa pagbabalik ng Panginoon. Siya mismo ang gumagabay sa iglesyang ito. Ibigay natin ang lahat ng pasasalamat at luwalhati sa Kanya!

Noong taong 2014, sa ika-32 taon ng iglesya, ibinigay ng Diyos ang apat na tema ng panalangin – 'Gagawin Ko', 'Ministeryo', 'Santuwaryong Nagniningning', at 'Kapangyarihan ng Muling-Paglikha'. Sa taong iyon, pinagpala Niya ang Manmin para maabot ang pamantayan ng espiritu, umasang manirahan sa Bagong Jerusalem, ang pinakamabuting tirahan sa Langit, at magkaroon ng pag-asang makapasok sa lugar sa pagitan ng una at pangalawang palapag sa kastilyo ng pastol!

Bukod dito, sa taong 2015, tatanggap tayo ng napakalaking pagpapala na hindi natin makakayang isipin. Ito ay sa pamamagitan ng kapangyarihang muling-paglikha na makakapagbigay sa Diyos ng mas malaking luwalhati. Pag-aralan natin ang mga tema ng panalangin na ibinigay ng Diyos para sa taong ito, at ang mga paraan kung paano natin tatanggapin ang mga biyayang inihahanda Niya.

### Ang una ay 'Kaluwalhatian' – dapat tayong mas makipagtulungan at makipag-isa sa pastol para makapagbigay tayo ng perpektong kaluwalhatian sa Diyos

Sinasabi ng Hagai 2:9, "'Ang susunod na kaluwalhatian ng bahay na ito ay magiging higit na dakila kaysa dati,' sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. 'Sa dakong ito ay magbibigay Ako ng kapayapaan,' sabi ng PANGINOON ng mga hukbo."

Sa napakaraming iglesya sa buong mundo, Manmin Central Church lang ang itinatag ng Diyos mismo ayon sa kalooban Niya. Itinayo ito para tuparin ang plano para sa pagwawakas ng panahon at maging perpektong kaluwalhatian para sa buhay na Diyos.

Niloob ng Diyos ang pagdaloy ng espiritu, kaya natanto ng iglesya ang malalim na kalooban at plano Niya para sa Manmin. Sila ay magiging mga saksi ng kapangyarihan Niya. Mararanasan nila ang hustisya sa pamamagitan ng pastol. Mangyari pa, ngayon pa lang ay tumatanggap na ng dakilang kaluwalhatian ang Diyos dahil sa patuloy na pagtupad ng Manmin sa pangangaral ng ebanghelyo sa buong bansa at sa mga pagmimisyon sa buong mundo – lalong-lalo na sa pangangaral ng ebanghelyo ng kabanalan at pagpapakita ng makapangyarihang pagkilos sa Israel, ang bansang pinakamahirap bahagian ng ebanghelyo sa buong mundo. Pero nais ng Diyos na tumanggap ng mas malaking kaluwalhatian kaysa sa dati.

Bukod dito, mapapansin ng mga tao sa iba't ibang bansa ang kaluwalhatian Niya kung mas malaki at dakila ito kaysa sa dati, makikilala nila ang buhay na Diyos. Kaya sa taong 2015, mas lalo tayong magkaisa sa tulong ng pastol para tanggapin ang malalaking biyayang inihahanda ng Diyos at makapagbigay ng perpektong kaluwalhatian sa Kanya.

### Ang pangalawa ay 'Bunga' – ihatid natin ang magandang 'bunga' ng kabanalan na nais ng Diyos

Mababasa sa 1 Mga Taga Tesalonica 5:23, "Pakabanalin nawa kayong lubos mismo ng Diyos ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagdating ng ating Panginoong Jesu-Cristo."

Sa mata ng Diyos, perpektong bunga ng pangangalaga ng sangkatauhan ang mga banal, may buong espiritu. Dumaloy ang espiritu sa pagsulong ng mga tao sa mas malalim na antas ng pagiging espirituwal at banal dahil sa pagluha at mga sakripisyo ng pastol. Hindi lang dapat nating pagbutihin ang pagsabay sa daloy na ito, kundi humayo tayo sa buong mundo na may panyong makapangyarihan. Gabayan natin ang hindi mabilang na mga kaluluwa patungo sa Panginoon. Sa pamamagitan nito, masagana, mabuti at perpekto ang ibubunga natin.

Hindi lang ang pastol at ang mga taong pinabanal ang tutupad ng kalooban ng Diyos sa pagwawakas ng panahon. Kung mas marami pa ang magiging espirituwal at banal at makikibahagi sa bisyon ng pastol, magiging perpekto ang pagtupad ng gawain Niya.

### Pangatlo, magtayo tayo ng 'marilag na santuwaryo' kung saan mananahan ang kaluwalhatian ng Diyos

Sinasabi ng Apocalipsis 21:10-11, "At dinala niya akong nasa Espiritu sa isang malaki at mataas na bundok, at ipinakita sa akin ang banal na lunsod ng Jerusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na may kaluwalhatian ng Diyos, ang kanyang ningning ay katulad ng isang totoong mahalagang bato, na gaya ng batong jaspe, na malinaw na gaya ng kristal."

Kumikilos ang Diyos para makapagtayo ang iglesyang ito ng kahanga-hanga at marilag na santuwaryo na magpapahayag ng kaluwalhatian ng Bagong Jerusalem. Umaasa Siyang dito Siya luluwalhatiin ng mga papuri at pagsamba ng mga anak Niyang pinabanal. Ang malaking proyektong pagtatayo ng Canaan at Pinakamalaking Santuwaryo ay malapit ng maisakatuparan kapag pumasok na ang napakalalaking biyaya. Hinihiling ko sa inyo na makibahagi kayo sa nagniningning na kaluwalhatiang ito sa pagiging espirituwal at banal na nais ng Diyos.

### Panghuli, maipapahayag ang kapangyarihan ng muling-paglikha, magaganap ang mga bagay na hindi natin kayang isipin

Ang 'kapangyarihan ng muling-paglikha' ay tumutukoy sa kapangyarihang baguhin ang kalangitan, ang mundo, at ang lahat ng mga bagay na nilikha ng Diyos (Genesis 1:3). Naipapahayag ang kapangyarihang ito dahil sa pag-ibig ng pastol na lumampas sa katarungan at nagpapabago sa orihinal na malayang kalooban ng tao. Mas maipapakita ngayon ang kapangyarihang ito.

Sa kasalukuyan, punung-puno ng kasalanan at kasamaan ang mundo, bihirang makakita ng kabutihan. Hindi tinatanggap ng mga tao ang Panginoon. Gayon pa man, babaguhin ng kapangyarihan ng muling-paglikha kahit ang mga malisyosong taong parang imposibleng maligtas, luluhod sa harapan ng Diyos kahit ang mga tulad ni Judas Iscariote. Sa paraang ito, dadalhin ang mga tao sa daan patungo sa kaligtasan, sa mga kasagutan, at sa mga pagpapala. Kasabay nito, mas maraming miyembro ang makakapasok sa Bagong Jerusalem, magbibigay ito ng perpektong kaluwalhatian sa Diyos.

Mahal kong mga pastor at lahat ng miyembro ng may 10,000 sangay at katuwang na iglesya, sa taong 2015, marami tayong dapat gawin para tuparin ang kalooban ng Diyos para sa pagwawakas ng panahon. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na magbunga nawa kayo ng mas masigasig bilang mga espirituwal at banal, tuparin ang kalooban ng Diyos para sa pagwawakas ng panahon kasama ng inyong pastol, at makapasok sa Bagong Jerusalem na puspos ng kaluwalhatian ng Diyos.

Punong Pastor Dr. Jaerock Lee
Disyembre 28, 2014

# "Igalang Mo ang Iyong Ama at ang Iyong Ina"



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina, upang ang iyong mga araw ay humaba sa lupaing ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos." (Exodo 20:12)

Si Jesus ay Anak ng Diyos. Dumating Siya sa sanlibutan sa katawang tao at itinuro sa atin na ang pinakadakila at pangunahing utos ay mahalin natin ang Diyos at ang pangalawa ay mahalin ang kapwa (Mateo 22:37-40). Kung matutupad ng isang tao ang dalawang utos na ito, makakaya niyang sundin ang lahat ng mga utos.

Ang Sampung Utos na nakasulat sa aklat ng Exodo ay nahahati sa dalawang grupo: ang unang grupo ay mula sa una hanggang sa pang-apat na utos. Tungkol ito sa pagmamahal sa Diyos at iba pang bagay. Ang panlima hanggang pansampu ay may kinalaman sa pagmamahal sa kapwa gaya ng pagmamahal sa sarili.

Pag-aralan natin ang panlimang utos – "Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina".

### 1. Dapat nating igalang sa Panginoon ang ating mga magulang

Kahit hindi binanggit sa Sampung Utos, kung may mabuting konsiyensya ang isang tao, batid niya na likas na tungkulin ng isang tao ng igalang ang mga magulang niya. Bakit ito iniutos ng Diyos?

Hindi sa diwang makalaman ang ibig sabihin nito. Dapat nating igalang ang mga magulang natin sa Panginoon ayon sa Salita ng Diyos (Efeso 6:1). Kung pagbabawalan tayo sa pagsimba ng mga magulang natin sa araw ng Linggo at susundin natin, hindi ito paggalang sa kanila, kundi pagkawasak kasama nila.

Kung totoong minamahal at iginagalang natin ang ating mga magulang, uunahin natin ang pagbabahagi sa kanila ng ebanghelyo at tutulungan natin silang maligtas.

Mababasa sa 2 Mga Cronica 15:16, "Maging si Maaca na kanyang ina ay inalis ni Haring Asa sa pagiging inang reyna, sapagkat siya'y gumawa ng kasuklamsuklam na larawan para sa sagradong poste. Pinutol ni Asa ang kanyang larawan, dinurog ito, at sinunog sa batis ng Cedron." Paglaban sa Diyos at pagsunod sa daan patungo sa pagkawasak ang pagsamba ng inang reyna sa mga diyus-diyosan. Pandaraya din ito sa mga mamamayan dahil sumamba rin sila sa mga diyus-diyosan, kaya pati sila ay mahuhulog sa pagkawasak.

Hindi sumang-ayon si Haring Asa sa ina niya, tinanggal niya ito sa posisyon bilang inang reyna. Dahil dito namulat ang mga mamamayan sa problema at nagkaroon ng pagkakataon ang ina niya para magbago. Ito ang tunay na paggalang sa magulang.

Higit sa lahat, masasabing totoo ang paggalang ninyo sa inyong mga magulang kapag ginabayan ninyo sila patungo sa kaharian ng langit.

### 2. Dapat nating igalang ang Diyos na Siyang nagbigay sa atin ng buhay

Ang utos na nagsasabi sa atin na igalang ang ating mga magulang ay kabahagi ng sinabi ng Diyos na sundin ang Kanyang mga utos at igalang Siya. Sa madaling salita, ang isang taong tunay na gumagalang sa Diyos ng taos-puso ay gumagalang din sa kanyang mga magulang. At ang isang taong matapat ang paggalang sa mga magulang ay naglilingkod din sa Diyos ng buong puso. Pero kung papipiliin kayo kung anong dapat ninyong unahin, ito ay ang paglilingkod sa Diyos.

Ako at ikaw ay nilikha ng Diyos, ang mga ama at mga lolo natin, at ang lahat ng ating mga ninuno mula sa mga unang henerasyon. Diyos ang Siyang lumikha kay Adan, ang unang nilalang at Siya ang nagbigay ng buhay sa sangkatauhan. Kahit nagbubunga ang 'sperm' at ang 'egg', kapag ipinagbubuntis ang isang nilalang, tanging sa Diyos lang nagmumula ang binhi ng buhay.

Bukod dito, ang katawan na nakikita natin ay panlabas na sisidlan lang na kinakailangan para sa pansamantalang buhay natin dito sa mundo. Ang tunay na panginoon ng ating 'sarili' ay ang espiritu na nasa loob ng ating katawan. Kahit gaanong pagsisikap ang gawin ng isang tao, hindi niya pwedeng likhain ang binhi ng buhay. At kahit gaano karaming kaalaman ang matutuhan natin, hindi natin pwedeng likhain o kopyahin ang espiritu ng tao. Kahit pwede na tayong mag-'clone' (gumawa ng eksaktong kopya ng isang tao sa pamamagitan ng kanyang mga cells), hindi natin pwedeng tawagin itong tao, maliban na lang kung bibigyan ng Diyos ng espiritu ang katawang ito. Diyos lang ang makakalikha ng tao, at ang espiritu ng tao ay muling ipapanganak sa pamamagitan lang ng Banal na Espiritu. Samakatwid, ang tunay na Ama ng ating espiritu ay ang Diyos.

Kaya dapat nating paglingkuran ng mabuti ang pisikal na mga magulang natin, pero mas mahalin at paglingkuran natin ang Diyos Ama dahil Siya mismo ang nagbigay sa atin ng buhay. At kung batid ng mga magulang ang katotohanang ito, iisipin nilang ang mga anak ay kaloob mula sa Diyos at sila ay mga mahalagang kaluluwa (Mga Awit 127:3). Papalakihin nila ang mga ito ayon sa kalooban ng Diyos.

### 3. Kapag mahal natin ang Diyos, igagalang natin ang ating mga magulang ng taos-puso

Ang paggalang ay tumutukoy sa pagpapakita ng respeto, pagsunod, at paglilingkod sa iba bilang kagandahang asal. Suriin natin ang ating mga sarili, kung sinasabi nating minamahal natin ang Diyos, tingnan natin kung nakikinig tayo sa mga magulang natin o hindi.

Kapag may sinabi sa inyong isang bagay na wala sa katwiran ang mga magulang ninyo, inisip ba ninyong walang katuturan ito at ipinaramdam ba ninyo sa kanila na balewala sila? Ang pagmamahal sa Diyos at paggalang sa mga magulang ay hindi pwedeng paghiwalayin.

Mababasa sa 1 Juan 4:20, "Kung sinasabi ng sinuman, 'Iniibig ko ang Diyos,' at napopoot sa kanyang kapatid, siya ay sinungaling; sapagkat ang hindi umiibig sa kanyang kapatid na kanyang nakikita, ay hindi maaaring umibig sa Diyos na hindi niya nakikita."

At sa Mateo 15:4-9, pinagsabihan ni Jesus ang mga Fariseo at mga eskriba dahil kunin nila ang mga bagay na dapat ibigay sa mga magulang nila at sinabing ibibigay nila ito sa Diyos. Ginamit lang nila itong dahilan. Hindi sila naglilingkod sila ng buong puso sa Diyos. Kinuha nila para sa sarili nila ang dapat sanang ibigay sa mga magulang nila.

Kung totoong minamahal at iginagalang natin ang Diyos sa kaibuturan ng puso natin, mamahalin natin ang pisikal na mga magulang natin at buong puso natin silang igagalang. Habang mas nadadama natin ang pag-ibig ng Diyos, madadama din natin ang pagmamahal ng mga magulang natin.

Kapag natanto natin ang katotohanan, nagwaksi ng mga kasalanan at kasamaan, at nanahan ng lubos sa Salita ng Diyos, magkakaroon ng tunay na pagmamahal ang mga puso natin. Matatanto natin ang pagmamahal at pagpapala ng mga magulang natin na nagluwal at nagpalaki sa atin. Pagkatapos, mapaglilingkuran natin sila nang may pag-ibig mula sa kaibuturan ng puso natin.

### 4. Biyayang ibibigay kapag iginagalang ninyo ang Diyos at ang mga magulang ninyo ayon sa katotohanan

Sa Exodo 20:12, nagsalita ang Diyos tungkol sa biyayang ibibigay sa mga nagmamahal sa Diyos at gumagalang sa kanilang mga magulang ng buong puso, "Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina, upang ang iyong mga araw ay humaba sa lupaing ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos."

Ang talata ay hindi lang nangangahulugang tatamasa tayo ng mahabang buhay dito sa mundo. Sinasabi nito na magiging mabuti ang lahat ng bagay para sa atin, magiging malusog tayo at poprotektahan tayo ng Diyos habang sumasagana ang ating mga kaluluwa. Ang paggalang sa Diyos at sa mga magulang ayon sa katotohanan ay nagpapakitang lumalago ang mga kaluluwa natin. Hindi na tayo magkakaroon ng mga aksidente o kapahamakan, bibiyayaan ang pamilya, trabaho at negosyo natin. Kasama ng biyayang mahabang buhay ang lahat ng mga biyayang ito.

Ganito ang nangyari kay Ruth sa Lumang Tipan. Bilang isang Hentil, nakapangasawa siya ng isang Judio. Bata pa nang mamatay ang asawa niya, hindi sila nagkaanak. Sinabihan siya ng kanyang biyenan na si Naomi, na lisanin ang lugar para humanap ng bagong ikaliligaya. Pero pinili niyang isuko ang sariling kasiyahan para tuparin ang tungkulin ng isang manugang. Sumama siya kay Naomi sa Juda.

Dahil ganitong klaseng babae siya, niloob ng Diyos na tanggapin niya ang maraming biyaya kahit siya ay isang Hentil. Niloob ng Diyos na makakilala siya ng isang mayamang lalaki na kamag-anak ng dati niyang asawa, ito ay naging asawa niya. Bukod dito, si Haring David ay isa sa mga naging inapo niya at ang kanyang pangalan ay niloob ng Diyos na maisulat sa talaangkanan ng Tagapagligtas na si Jesus. Tulad ng ipinangako ng Diyos, tumanggap si Ruth ng umaapaw na mga biyaya, espirituwal at materyal, dahil iginalang niya ng buong-puso ang biyenan niya.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, kung ang pag-ibig ninyo para sa Diyos ay totoo, hindi lang mga kapatid sa pananampalataya ang paglilingkuran ninyo kundi pati ang inyong mga magulang, asawa, mga kamag-anak, at lahat ng kapwa. Ang pruweba na minamahal ninyo sila ay makikita sa mabubuting gawa ninyo na makapagbibigay ng kaluwalhatian sa Diyos.

Umaasa ako na magniningning kayo sa liwanag ng katotohanan sa harap ng lahat ng tao sa pamamagitan ng perpekto ninyong mabubuting gawa tulad ni Ruth. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na gantimpalaan nawa kayo ng Diyos ng kaluwalhatian at mga biyaya dahil tumanggap Siya ng kaluwalhatian sa mga ginawa ninyo.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Naranasan Na Ba Ninyo ang Pagkilos ng Banal na Espiritu?

Inilalarawan ng Ang Mga Gawa ng mga Apostol kung paano nila tinanggap ang Banal na Espiritu at ang kapangyarihan; kung paano nila ipinangaral ang ebanghelyo sa Jerusalem, sa buong Judea, Samaria, at kahit sa malalayong lugar sa mundo. Halimbawa, ang unang dalawang kabanata nito ay nagsasaad ng detalyadong kwento tungkol sa pakiusap ng Panginoong muling nabuhay bago Siya umakyat sa langit at ng tungkol sa insidente sa malaking silid sa itaas ng bahay ni Marcos. Isandaan at dalawampung tao ang nagsama-sama doon at tumuon sa pananalangin para tanggapin ang Banal na Espiritu at ang kapangyarihan tulad ng hiniling ng Panginoong muling nabuhay. Pagkatapos nito, nagkaroon ng mga kamangha-manghang pangyayari – napuspos sila ng Banal na Espiritu, nagsimula silang magsalita ng iba't ibang wika. Habang pinagkakalooban sila ng Espiritu ng pagbigkas ng mga salita, tatlong libong kaluluwa ang nadagdag sa araw lang na iyon. Ito ang naging simula ng Unang Iglesya.

Nangyayari pa rin at mas makapangyarihan pa ang mga ganitong pagkilos ng Espiritu sa panahon nating puno ng kasalanan at malapit ng magwakas. Ipinapakita nito ang daan patungo sa kaligtasan sa hindi mabilang na mga kaluluwa. Pag-aralan natin ang mga pagkilos ng Espiritu.

## I. Ang pagkilos ng Espiritu na kasing-amo ng kalapati:

nagpapagaling ng sugatan at nagbibigay ng kapayapaan

"Nang mabautismuhan si Jesus, kaagad Siyang umahon sa tubig, at nabuksan sa Kanya ang kalangitan, at nakita niya ang Espiritu ng Diyos na bumababang tulad ng isang kalapati, at lumalapag sa Kanya" (Mateo 3:16).

Sinabi ng Diyos kay Juan na Tagapagbautismo na ang makikita niyang babaan at lapagan ng Espiritu ay ang Cristo. Pagkatapos, nakita niya ang pagbukas ang kalangitan at ang pagbaba ng Espiritu na parang isang kalapati, dumapo ito kay Jesus pagkabautismo sa Kanya. Nang makita ito ni Juan, kinilala ni Juan si Jesus bilang Anak ng Diyos.

Ang pagbaba ng Espiritu bilang isang kalapati ay hindi nangangahulugang totoong kalapati ang bumaba. Sinisimbolo nito na bumaba ang Espiritu ng 'tahimik at marahan', isang katangian ni Jesus. Ipinapakita nito na kumikilos ang Espiritu sa iba't ibang paraan ayon sa katangian ng isang tao at mga situwasyon. Kapag bumababa ang Espiritu tulad ng isang kalapati, hindi lang Siya nagpapagaling ng mga karamdaman, nilulutas pa Niya ang mga problemang espirituwal, emosyonal, problema sa negosyo, pinagagaling Niya ang mga sugatang kaluluwa at binibigyan sila ng kapayapaan.

## II. Pagkilos ng Espiritu na kasing lamig ng ihip ng hangin:

kasabay nito ang pagpapala pagkatapos ng lubos na pagsisisi at tiyak na paggaling

"Biglang dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng isang humahagibis na hanging malakas, at pinuno nito ang buong bahay kung saan sila'y nakaupo" (Ang Mga Gawa 2:2).

Ang pagkilos na parang humahagibis na hangin ay nakakapagbigay ng ginhawa sa puso ng mga tao. Kapag kumikilos ang Espiritu sa ganitong paraan, napakalakas ng kapangyarihan. Kung minsan, sabay-sabay itong nangyayari sa buong mundo.

Kapag lubos tayong nagsisi ayon sa ganitong pagkilos ng Espiritu, giginhawa at bubuti ang pakiramdam natin; lalamig ang pakiramdam ng ating buong katawan, parang lumangoy sa batis; o kaya naman, bubuti ito at makakatiyak ng paggaling mula sa karamdaman.

Sa Biblia, inilarawan ang katangian at kapangyarihan ng Diyos sa iba't ibang paraan, parang 'malakas na hangin' (Exodo 14:21; 1 Mga Hari 18:41; Hoseas 13:15). Inihambing ni Jesus ang pagkilos ng Espiritu sa hangin, sinabi, "Humihihip ang hangin kung saan nito ibig at naririnig mo ang ugong nito, ngunit hindi mo nalalaman kung saan ito nanggagaling at kung saan tutungo. Ganoon ang bawat isang ipinapanganak ng Espiritu" (Juan 3:8).

Hindi nakikita ang hangin, kaya hindi natin alam kung saan ito nanggagaling o kung saan ito patungo. Pero batid natin na mayroong hangin dahil sa mga dahon na nagsisigalaw o dahil sa mga kaganapan sa paligid natin. Tulad nito, hindi natin nakikita o nahahawakan ang Banal na Espiritu pero nararamdaman natin dahil sa pagbabago ng kalooban natin sa pamamagitan ng makapangyarihang pagkilos Niya.

## III. Pagkilos ng Espiritu na kasing init ng apoy:

sinusunog ang ugat ng mga karamdaman, pwersa ng kadiliman, at makasalanang likas

"Sa kanila'y may nagpakitang parang mga dilang apoy na nahahati at lumapag sa bawat isa sa kanila" (Ang Mga Gawa 2:3).

Madalas ilarawan ng Biblia bilang 'apoy' ang pagkilos ng Espiritu. Tungkol kay Jesus, sinabi ni Juan na Tagapagbautismo, "Kayo'y babautismuhan Niya sa Espiritu Santo at sa apoy" (Lucas 3:16). At sa Mga Hebreo 12:29, "Sapagkat ang Diyos natin ay isang apoy na tumutupok." Tayo ay babautismuhan ng apoy ng Banal na Espiritu kapag tatanggapin natin ang apoy.

Kung babautismuhan tayo ng apoy ng Espiritu, iinit ang pakiramdam ng katawan natin, masusunog ang ugat ng mga karamdaman, mawawalan ng lakas ang mga pwersa ng kadiliman, maglalaho ito. Susunugin nito ang makasalanang likas at pagkagiliw sa mundo, bibigyan tayo ng lakas at pag-ibig para masigasig na sumulong para sa Diyos. At sa pamamagitan ng mga ito magagawa natin ang mga bagay na hindi natin kayang gawin sa sariling lakas.

Nalulutas ng Banal na Espiritu ang kahit na anong klaseng problema, ginagawang posible ang lahat ng bagay, at pinapagaling ang kahit na anong karamdaman. Siyempre, para tumanggap ng paggaling, dapat muna nating wasakin ang pader ng mga kasalanan dahil lahat ng karamdaman ay nagmumula sa mga kasalanan (Exodo 15:26).

## IV. Kapangyarihan ng Espiritu na nagpapakita ng mga hindi pangkaraniwang himala:

Muan Sweet Water, panyong makapangyarihan, kapangyarihan ng muling-paglikha

"Gumawa ang Diyos ng mga hindi pangkaraniwang himala sa pamamagitan ng mga kamay ni Pablo, kaya't nang ang mga panyo o mga tapis na napadikit sa kanyang katawan ay dinala sa mga maysakit, nawala sa kanila ang mga sakit, at lumabas sa kanila ang masasamang espiritu" (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Ang Biblia ay puno ng mga lubhang kataka-taka at kahanga-hangang mga bagay. Lumakad si Jesus sa ibabaw ng dagat, pinatahimik ang hangin at alon, pinakain ang libu-libong tao sa pamamagitan ng limang tinapay at dalawang isda, binuhay si Lazaro na apat na araw nang patay.

Tinanggap ni Pedro at Pablo ang kapangyarihan, at bumuhay sila ng patay at pinalakad at pinatalon ang lalaking ipinganak na lumpo (Ang Mga Gawa 3:1-10, 14:8-10). Nagpakita si apostol Pablo ng mga himalang hindi pangkaraniwan kaya kapag dinala sa mga maysakit kahit mga panyo o tapis na mapadikit sa katawan niya, nawawala ang sakit nila at lumalayas ang masasamang espiritu mula sa katawan nila (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Ang Diyos ay hindi nagbabago kahapon at ngayon. Magpahanggang ngayon, niloloob ng Diyos na Makapangyarihan na makaranas tayo ng mga hindi pangkaraniwang bagay na lumalampas sa imahinasyon ng tao dahil sa kapangyarihan ng Espiritu kapag naniwala tayo sa Kanya.

Sinabi ni Jesus sa Juan 14:12, "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, ang sumasampalataya sa Akin ay gagawin din ang mga gawang Aking ginagawa, at lalong dakilang gawa kaysa rito ang gagawin niya, sapagkat Ako'y pupunta sa Ama." Ibigay natin ang lahat ng pasasalamat at luwalhati sa Diyos na nagpapatunay ng Salita sa walang hintong pagpapakita ng mga tanda sa mga dakilang pagkilos ng Espiritu.

# "Naranasan ko ang pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos"

**Dr. George Robert,**
52 taong gulang, Punong Pastor ng Praise Tower City Church, India



Si Dr. George Robert at ang asawa niyang si Mrs. Priscilla Navaroji Owen sa harapan ng Muan Sweet Water Aquarium

Ipinanganak ako sa isang pamilyang Hindu, wala akong alam tungkol sa Cristianismo. Pero sa edad na 20, tinanggap ko ang Panginoon pagkatapos kong marinig ang tungkol sa Kanya mula sa propesor ko sa kolehiyo.

Pagkatapos, lubos na gumaling ang nanay ko na malapit ng pumanaw dahil sa hindi matukoy na karamdaman. Dahil dito, naging Cristiano kaming buong pamilya. Habang masigasig ang pagsulong ng buhay ko bilang isang Cristiano, nagpakasal kami ni Priscilla Navaroji Owen, anak siya ng isang pastor.

Dating presidente ng Good Samaritan Fellowship ang biyenan kong si Pastor Owen Roberts (pumanaw na), iginalang at minahal siya ng mga Cristiano sa India. Noong taong 2002, naglingkod siya para sa krusada ng pagkakaisa ni Dr. Lee sa India bilang presidente ng komite ng mga nagsasaayos ng kaganapan. Noong panahong iyon, propesor ako ng chemistry sa Karunya University. Tumulong ako sa kanya sa pamamagitan ng pananalangin, at naging napakamatagumpay ng krusada. Ito ay sinasabing pinakamatagumpay na krusada sa kasaysayan ng Cristianismo sa India. Dinaluhan ito ng hindi bababa sa tatlong milyong tao.

Napakalinaw ng mensahe ni Dr. Jaerock Lee at dahil sa panalangin niya sa entablado hindi mabilang ang gumaling mula sa iba't ibang mga karamdaman. Malaki ang nagawa ng krusadang ito sa muling pagsigla ng mga Cristianong iglesya sa India.

Pagkatapos nito, tumuon si Pastor Owen Roberts sa pagbubuklod bilang isa ng mga Cristianong iglesya sa India, nagsagawa din siya ng muling pagpapasigla bilang Tagapagtatag at Presidente ng Synod of Pentecostal Churches ng Tamil Nadu.

Noong taong 2003, sumali ako sa 'dubbing' ng programa tungkol sa mga sermon ni Dr. Jaerock Lee na "The Message of the Cross" sa wikang Tamil. Naibrodkast ito sa SS TV, dating SS Music. Ako din ang nag-edit ng libro niyang *Paglasap Ng Buhay Na Walang Hanggan Bago Ang Kamatayan* sa wikang Tamil. Samantala, natanto ko ang kamangha-manghang kalooban ng Diyos at naantig ang damdamin ko. Noong mga araw na iyon, nagsusulong ako ng buhay bilang isang mananampalataya sa Praise Tower City Church at naglilingkod din sa ilang boluntaryong gawain ng iglesya. Gusto ni Pastor Owen Roberts na magpastor din ako para tumulong sa kanya.

Noong taong 2010, pumanaw siya, nadama kong tinatawag ako ng Diyos, kaya nagpastor ako.

Palagi kong pinapanood ang mga programa tungkol sa mga sermon ni Dr. Jaerock Lee at marami pang ibang magagandang programa sa GCN (www.gcntv.org). Samantala, gusto kong bumisita sa Manmin Central Church para makita ng personal si Dr. Jaerock Lee.

Noong Oktubre 2014, natuloy din ang pagpunta ko sa Seoul nang magdiwang ng ika-32 anibersaryo ang Manmin. Ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ay napakamapagkumbaba at isang tunay na lingkod ng Diyos. Nagpapakita siya ng mga tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos na nakasulat sa Biblia. Nakikita ko ang pagmamahal niya para sa mga kaluluwa. Nakaranas pa ako ng paggaling – nawala ang masasakit sa balikat ko.

Noong mga nakaraang taon, hindi ko maitaas at maigalaw ang kaliwang braso ko. Napakasakit nito, naisip kong mabuti pa kung wala na lang akong braso. Nagpagamot ako sa isang kilalang neurosurgeon, nagpa-acupuncture, at uminom ng maraming klaseng medisina. Pero walang nangyari.

Gayon pa man, isang kamangha-manghang bagay ang nangyari noong sumunod na araw ng ika-32 anibersaryo ng Manmin. Kasabay ng iba pang mga bisita mula sa ibang bansa, pumunta kami sa lugar ng Muan Sweet Water kung saan naging tubig na pwedeng inumin ang tubig-dagat. Nangyari ito dahil sa panalangin ni Dr. Lee. Naglublob ako sa tubig nang pitong beses. Pagkatapos noon, naigalaw ko ang braso ko! Hallelujah!

Nang bumalik ako sa India, sinikap kong alalahanin ang pag-ibig at paglilingkod ni Dr. Lee. Gusto kong gawin din ito sa mga miyembro ng iglesya ko. Ipinagpapatuloy ko rin ang pakikinig ng mga mensahe ni Dr. Lee sa GCN at sa internet na puno ng buhay. Binibigyan din ako ng mga sermon na pwede kong pag-aralan ni Pastor Joseph Han, nagmiministeryo siya sa Chennai Manmin Church sa India.

Ibinibigay ko sa Diyos ang lahat ng pasasalamat at kaluwalhatian na niloob na malaman ko ang tungkol sa napakahalagang ebanghelyo ng kabanalan.

# "Salamat sa Iyo, Panginoon, iniligtas Mo ang aking ama at biniyayaan ako ng anak!"

**Kapatid Chillina,** 29 taong gulang, Chinese Parish



Ipinanganak ako sa lunsod ng Jilin, China. Masipag akong magsimba tulad ng nanay ko. Pero hindi ako mabuting Cristiano.

Mainitin ang ulo ng tatay ko, dominante at napaka-istrikto. Binubugbog niya ang nanay ko, hindi ko ito kayang tiisin. Gusto kong lumayas dahil sa kanya.

Noong Enero 2007, pumunta ako sa South Korea at nagsimulang magsulong ng buhay bilang isang mananampalataya sa Manmin Central Church gaya ng sinabi sa akin ng nanay ko. Pero bihira akong magsimba dahil marami akong pinoproblema at kailangan kong kumita agad ng pera.

Hindi nagtagal, pumunta din sa South Korea ang mga magulang ko. Idinalangin ako ng nanay ko, at ang tatay ko naman ay nagdurusa sa diabetes at sa mga naging komplikasyon nito. Dahil sa kanila, nagsisi ako at nakipagtagpo sa buhay na Diyos.

Noong taong 2012, gusto ng nanay kong pagsisihan ng tatay ko ang mga kasalanan niya para makapasok ito sa Langit. Kaya ang nanay ko ang nagsisi para sa kanya habang lumuluha, pinaglingkuran niya ito. Hiniling ko rin sa Diyos na mapatawad ko ang tatay ko. Sinagot ng Diyos ang panalangin ko, nagawa kong unawain ang tatay ko.

Pagkatapos, nakakitang muli ang tatay ko na nabulag dahil sa sakit niyang diabetes dahil sa panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Dumalo siya sa mga pagsamba, nagkaroon ng pananampalataya, at nagsisi.

Noong Pebrero 2013, nanaginip siya, nakakita siya ng damuhan at mga bulaklak, sinabi niya, mas bumuti ang pakiramdam niya. Sa panaginip niya, nakasakay siya sa karwahe papunta sa isang lugar. Tumanggap din siya ng dalawang susi, sinabi niya, "Mabuti yan! Pupunta ako sa Langit!" Nagsaya siya na parang bata, pagkatapos, pumanaw na siya.

Dahil sa pangyayaring ito, nakatiyak ako na may Langit, at malaking biyaya ang dumating sa akin.

Sa nakaraang dalawang taon, pinagsisikapan kong magbuntis, pero walang nangyayari. Pero pagkatapos kong tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee sa pista ng Lunar New Year, nagbuntis ako! Ipinanganak ko ang malusog na sanggol na lalaki noong Oktubre 13, 2014. Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay para sa Diyos at sa Panginoon!

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jae Bong Um
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jae Bong Um
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jae Bong Um
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714